Saan Naroon ang Pangako ng Kanyang Pagparito?

William MacDonald

Salin sa Tagalog ng “Where Is the Promise of His Coming?”

© 1972 William MacDonald. From II Peter and Jude: The Christian and Apostasy (Cornerstone Commentary Series), Harold Shaw Publishers, Wheaton, Illinois. First printed in Interest magazine, November 1972.

KEE Ministry Library · Faithful Men
kee-ministry-library.netlify.app/tagalog/

Saan Naroon ang Pangako ng Kanyang Pagparito?

...Upang inyong alalahanin ang mga salitang sinabi nang una ng mga banal na propeta, at ang utos ng Panginoon at Tagapagligtas sa pamamagitan ng inyong mga apostol: Na alamin muna ito, na sa mga huling araw ay magsisilitaw ang mga mangduduwahagi na may pagduduwahagi, na magsisilakad ayon sa kanilang sariling mga masamang pita, At magsisipagsabi, Saan naroon ang pangako ng kaniyang pagparito? sapagka't buhat nang mangatulog ang mga magulang, ang lahat ng mga bagay ay nangananatiling gaya ng mula sa pasimula ng paglalang. II Peter 3:2-4.

IISA ang patotoo ng mga propeta at ng mga apostol: darating sa mga huling araw ang mga manlilibak. Dapat itong alalahanin ng mga Cristiano. Hindi sila dapat matigatig sa mapagmataas at mapamusong na pagtanggi ng mga taong ito. Sa halip, dapat nilang makita sa mga ito ang tiyak na palatandaan na malapit na ang katapusan ng panahon.

Sinusunod ng mga manlilibak ang sarili nilang mga pita. Dahil itinakwil nila ang pagkakilala sa Diyos, walang takot nilang pinagbibigyan ang kanilang mga hilig. Ipinagtatanggol nila ang pamumuhay nang walang hangganan, nang hindi man lang iniisip ang anumang paparating na paghatol.

Ang pangunahin nilang panunuya ay tungkol sa pagparito ni Cristo. Ganito ang kanilang saloobin: "Saan naroon ang pangako ng Kanyang pagparito?" Ang ibig

nilang sabihin, siyempre, ay "Saan naroon ang katuparan ng pangako?"

Pero ano ang ibig nilang sabihin sa Kanyang pagparito?

Ang tinutukoy ba nila ay ang pagparito ni Cristo para sa Kanyang mga banal, na tinatawag nating rapture o pag-agaw?[1] Hindi, duda tayo na may alam ang mga manlilibak na ito tungkol sa unang yugtong ito ng pagbabalik ng Panginoon.

Ang tinutukoy ba nila ay ang pagparito ni Cristo kasama ang Kanyang mga banal upang itatag ang Kanyang pandaigdigang kaharian?[2] Kung sabagay, maaaring kasama ito sa kanilang iniisip.

Pero mukhang malinaw sa natitirang bahagi ng talata na ang iniisip nila ay ang huling paghatol ng Diyos sa lupa, o ang karaniwang tinatawag na katapusan ng mundo. Ang iniisip nila ay ang maapoy na pagkawasak ng langit at lupa sa katapusan ng milenyo.

Ito talaga ang sinasabi nila: "Kayong mga Cristiano, matagal na ninyo kaming tinatakot ng mga babala tungkol sa isang kakila-kilabot na paghatol sa mundo. Sinasabi ninyo na makikialam ang Diyos sa kasaysayan, parurusahan ang masasama at wawasakin ang lupa. Puro kalokohan iyan. Wala kaming dapat ikatakot. Mabubuhay kami ayon sa gusto namin. Walang katibayan na nakialam na kailanman ang Diyos sa kasaysayan; bakit kami maniniwala na makikialam Siya balang araw?"

Ang kanilang konklusyon ay nakasandig sa pabayang palagay na "buhat nang mangatulog ang mga magulang, ang lahat ay nananatili gaya ng mula sa pasimula ng paglalang." Sinasabi nila na laging sumusunod ang

kalikasan sa mga batas na hindi nagbabago, na walang anumang pakikialam na higit sa likas, na may likas na paliwanag ang lahat ng bagay.

Naniniwala sila sa batas ng uniformitarianism. Sinasabi ng batas na ito na ang mga prosesong umiiral sa kalikasan ay laging kumilos sa parehong paraan at may halos parehong lakas gaya ng sa kasalukuyan, at na sapat ang mga prosesong ito upang ipaliwanag ang lahat ng pagbabagong naganap.

May mahalagang ugnayan ang batas ng uniformitarianism at ang mga karaniwang teorya ng ebolusyon. Ang teorya ng unti-unting pag-unlad ng mga nabubuhay na organismo mula sa mga naunang uri ay nakasalalay sa palagay na halos hindi nagbago ang mga kalagayan. Kung ang mundong ito ay niyanig ng malalaking sakuna at kapahamakan, tinatamaan ang ilan sa mga saligang palagay ng ebolusyon ni Darwin.

Sapagka't ito'y kusang kinalimutan nila, na nagkaroon ng sangkalangitan nang una pa, at isang lupa na inanyuan mula sa tubig at sa gitna ng tubig, sa pamamagitan ng salita ng Dios; Na sa pamamagitan ng mga ito ang sanglibutan nang panahong yaon, palibhasa'y inapawan ng tubig, ay napahamak: Datapuwa't ang sangkalangitan ngayon, at ang lupa, sa pamamagitan din ng salitang yaon ay iniingatan sa apoy, na itinataan sa araw ng paghuhukom at paglipol sa mga taong masasama. II Peter 3:5-7

Isang matinding paratang laban sa mga taong ito na sila ay sadyang mangmang. Ipinagmamalaki nila na marami silang alam. Sinasabi nilang wala silang kinikilingan sa kanilang pangangatwiran. Ipinagmamayabang nila na sumusunod sila sa mga prinsipyo ng siyentipikong

pagsisiyasat. Pero ang totoo, sinasadya nilang huwag pansinin ang isang pangyayari sa kasaysayan na maraming patunay—ang baha.

"Sinasadya nilang huwag pansinin ang katotohanang ito, na sa pamamagitan ng salita ng Diyos ay may langit na noong unang panahon, at isang lupa na inanyuan mula sa tubig at sa pamamagitan ng tubig."[3] Ang langit at ang lupa ay inanyuan sa pamamagitan ng salita ng Diyos; nagsalita Siya at sila ay nalikha.[4] Ang lupa ay inanyuan, sabi ni Pedro, "mula sa tubig at sa pamamagitan ng tubig." Agad naming inaamin na may lalim ang pahayag na ito na hindi namin lubos na maunawaan. Ang alam natin mula sa Genesis 1:2 ay minsang natakpan ng tubig ang ibabaw ng lupa. Pagkatapos sa talata 6 ay mababasa natin na gumawa ang Diyos ng isang kalawakan o bughaw na langit upang paghiwalayin ang tubig sa lupa at ang ulap o hamog na nakatakip sa lupa. Sa talata 9, ang mga kontinente ay inihiwalay sa mga karagatan; maaaring ito ang tinutukoy ng pariralang "isang lupa na inanyuan mula sa tubig."

Mula pa sa pasimula nito, ang lupa ay may nakaimbak nang kasangkapan para sa sarili nitong pagkawasak. May tubig ito sa kailaliman sa ilalim ng lupa, tubig sa mga dagat, at tubig sa mga ulap sa itaas. Sa wakas ay pinakawalan ng Diyos ang mga tubig mula sa ibaba at mula sa itaas,[5] binaha ang lupain, at nalipol ang lahat ng buhay sa labas ng arka ni Noe.

Kusang binabalewala ng mga kritiko ang pangyayaring ito sa kasaysayan. Kawili-wili na sa mga nakaraang taon ay naging tudlaan ng mapait na pag-atake ang baha. Pero ang tala nito ay nakasulat sa bato, sa mga

tradisyon ng mga sinaunang bayan, at higit sa lahat, sa Banal na Salita ng Diyos.

Nang likhain ng Diyos ang lupa, nilagyan Niya ito ng sapat na tubig upang wasakin ito. Sa gayunding paraan, nilagyan Niya ang langit at lupa ng sapat na apoy upang wasakin ang mga ito.

Sa panahong ito ng atomiko, nauunawaan natin na ang materya ay nakaimbak na enerhiya. Ang paghahati ng nucleus ng isang atomo ay nagbubunga ng maapoy na paglabas ng napakalaking dami ng enerhiya. Kaya ang lahat ng materya sa mundo ay may napakalaking kakayahang sumabog. Sa ngayon ito ay pinananatiling buo ng Panginoon.[6] Kung aalisin Niya ang Kanyang pumipigil na kamay, matutunaw ang mga sangkap. Samantala ang langit at lupa ay "iniingatan para sa araw ng paghuhukom at paglipol sa mga taong masasama."

Datapuwa't huwag ninyong kalimutan ang isang bagay na ito, mga minamahal, na ang isang araw ay sa Panginoon ay gaya ng isang libong taon, at ang isang libong taon ay gaya ng isang araw. Ang Panginoon ay hindi mapagpaliban tungkol sa kaniyang pangako, na gaya ng inaakala ng iba na pagpapaliban; kundi mapagpahinuhod sa inyo, na hindi ninanasang ang sinoman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi. Datapuwa't darating ang araw ng Panginoon na gaya ng magnanakaw; na ang sangkalangitan ay mapagpaparam na kasabay ng malaking ugong, at ang mga sangkap ay matutunaw sa matinding init, at ang lupa at ang mga gawang nasa lupa ay pawang masusunog. II Peter 3:8-10

Bakit kung gayon ang matagal na pagkaantala ng paghatol ng Diyos? Una, dapat nating alalahanin na ang

Diyos ay walang hangganan ng panahon. Hindi Siya nabubuhay sa loob ng panahon, gaya natin. Tutal, ang panahon ay itinatakda ng kaugnayan ng araw sa lupa, at ang Diyos ay hindi nalilimitahan ng kaugnayang ito.

Sa Kanya ang isang araw ay gaya ng isang libong taon, at ang isang libong taon ay gaya ng isang araw. Kaya Niyang palawakin ang isang araw upang maging isang milenyo, o paikliin ang isang milenyo upang maging isang araw. Kaya Niyang ikalat o pagsama-samahin ang Kanyang mga gawain.

Nangako ang Diyos na wawakasan Niya ang kasaysayan ng masasamang tao sa pamamagitan ng paghatol. Kung tila may pagkaantala, hindi iyon dahil hindi tapat ang Diyos sa Kanyang pangako. Iyon ay dahil Siya ay mapagpasensiya. Ayaw Niyang may sinumang mapahamak. Ang nais Niya ay magsisi ang lahat. Sinasadya Niyang pahabain ang taon ng biyaya upang magkaroon ang mga tao ng bawat pagkakataong maligtas.

Naghintay ang Diyos ng 1200 taon bago Niya ipinadala ang baha. Ngayon ay naghintay na Siya ng ilang libong taon bago wasakin ang mundo sa pamamagitan ng apoy.

"Datapuwa't darating ang araw ng Panginoon . . ." Ang araw ng Panginoon ay tumutukoy sa anumang panahon na kumikilos ang Diyos sa paghatol. Ginamit ito sa Lumang Tipan upang ilarawan ang anumang panahon na pinarusahan ng Diyos ang mga gumagawa ng masama at nagtagumpay Siya laban sa Kanyang mga kaaway.[7] Sa Bagong Tipan ito ay isang panahon na may iba't ibang yugto:

1. Tumutukoy ito sa kapighatian, isang pitong-taong panahon kung kailan hahatulan ng Diyos ang Israel na hindi sumasampalataya.[8]

2. Kasama rito ang Kanyang pagbabalik sa lupa kung kailan maghihiganti Siya sa mga hindi nakakikilala sa Diyos at hindi sumusunod sa ebanghelyo ng Panginoong Jesus.[9]

3. Ginagamit ito para sa milenyo kung kailan maghahari si Cristo sa lupa nang may tungkod na bakal.[10]

4. Tumutukoy ito sa huling pagkawasak ng langit at lupa sa pamamagitan ng apoy. Ito ang kahulugan sa II Peter 3.

Darating ito gaya ng magnanakaw—ibig sabihin, nang hindi inaasahan at mapangwasak. Ang langit ay lilipas. Tiyak na ang ibig sabihin nito ay ang langit na himpapawid, at maaaring kasama ang langit ng mga bituin, pero hindi maaaring ang ikatlong langit—ang tahanan ng Diyos. Habang lumilipas ang mga ito nang may nakabibinging pagsabog, ang mga sangkap ay matutunaw sa apoy. Ang mga sangkap dito ay tumutukoy sa mga bahaging bumubuo sa materya. Ang lahat ng materya ay mawawasak sa isang bagay na kahawig ng isang pandaigdigang pagsabog nukleyar.

". . .Ang lupa at ang mga gawa nito ay masusunog." Hindi lamang ang mga gawa ng likas na paglalang, kundi ang buong sibilisasyon ay matutupok. Ang mga dakilang kabisera ng mundo, ang mga kahanga-hangang gusali, ang mga pambihirang likha ng siyensiya ay pawang nakatakda sa lubos na pagkawasak.

Yamang ang lahat ng mga bagay na ito ay mapupugnaw nang ganito, gaano ngang pagkatao ang nararapat sa

inyo sa lahat ng banal na pamumuhay at pagkamaka-Dios, Na inyong hinihintay at pinakananasa ang pagdating ng kaarawan ng Dios, na dahil dito ang sangkalangitan ay mapupugnaw sa apoy, at ang mga sangkap ay matutunaw sa matinding init? Datapuwa't, ayon sa kaniyang pangako, ay naghihintay tayo ng mga bagong langit at ng isang bagong lupa, na tinatahanan ng katuwiran. II Peter 3:11-13

Ngayon ay bumaling si Pedro mula sa mga manlilibak tungo sa mga banal. Idinidiin niya ang mga tungkuling nakaatang sa kanila. "Yamang ang lahat ng mga bagay na ito ay wawasakin sa ganitong paraan, anong uri ng mga tao ang nararapat sa inyo sa banal na pamumuhay at pagkamaka-Diyos." Ang lahat ng bagay na materyal ay may tatak ng paglimot. Ang mga bagay na ipinagmamalaki ng mga tao, ang mga bagay na pinamumuhayan nila, ay lumilipas lamang. Ang mabuhay para sa materyal na bagay ay mabuhay para sa pansamantala. Sinasabi ng sentido komun na talikuran natin ang mga palamuti at laruan ng mundong ito at mamuhay sa kabanalan at pagkamaka-Diyos.

Ang mga mananampalataya ay dapat ding may pag-asam. Dapat nilang hintayin at pakananasain ang pagdating ng araw ng Diyos.

Ang araw ng Diyos ay tumutukoy sa walang hanggang kalagayan. Kasunod ito ng huling yugto ng araw ng Panginoon kung kailan wawasakin ang langit at lupa. Ang araw ng Diyos ay ang araw ng Kanyang ganap at huling tagumpay. Dahil dito, ito ay araw na dapat nating hintayin at pakananasain.

Pansinin na sa pagsasalita tungkol sa araw ng Diyos, sinasabi ni Pedro ". . .na dahil dito ang langit ay

mawawasak sa pagkasunog, at ang mga sangkap ay matutunaw sa matinding init."[11] Hindi niya sinasabing "kung kailan" kundi "dahil dito." Ang araw ng Diyos ay hindi ang panahon kung kailan nagaganap ang huling pagkawasak. Sa halip, ang huling paghatol na ito ay dapat munang maganap bago maipasok ang araw ng Diyos.

Sa talata 12, hinihimok ang mga mananampalataya na hintayin ang araw ng Diyos. Sa talata 13 sila ay inilalarawang naghihintay ng mga bagong langit at isang bagong lupa na tinatahanan ng katuwiran. Pinatitibay nito ang pananaw na ang araw ng Diyos ay tumutukoy sa walang hanggang kalagayan kung kailan magkakaroon ng mga bagong langit at isang bagong lupa.

Sinasabi ni Pedro na ang katuwiran ay tatahan sa bagong langit at lupa. Sa makalupang kaharian, maghahari si Cristo nang may tungkod na bakal. Ipatutupad Niya ang katuwiran. Sa ganoong diwa, maghahari ang katuwiran. Pero sa walang hanggan, hindi na kakailanganin ang tungkod na bakal. Ang katuwiran ay nasa sariling tahanan. Ito ay tatahan doon. Walang kasalanang papasok upang sirain ang kapayapaan o kagandahan ng tagpong iyon.

Kaya, mga minamahal, yamang inyong hinihintay ang mga bagay na ito, ay magsikap kayo upang kayo'y masumpungan niyang payapa, walang dungis at walang kapintasan. At inyong pakundangan na ang pagpapahinuhod ng ating Panginoon ay pagkaligtas. II Peter 3:14-15

Ang katotohanan tungkol sa bagong langit at bagong lupa ay dapat may epekto sa ating buhay. Hindi lamang

ito katotohanang dapat nating panghawakan, kundi katotohanang dapat humawak sa atin. Dapat itong lumikha sa atin ng pagnanais na maging walang dungis o kapintasan, ibig sabihin, maging malinis sa moral. Dapat tayong maging masigasig na masumpungang nasa kalagayan ng kapayapaan, hindi ng alitan.

Sa wakas, dapat nating "ituring na ang pagtitiis ng ating Panginoon ay kaligtasan." Ang Kanyang pagpapaliban ng paghatol ay may layuning bigyan ang mga tao ng buong pagkakataong maligtas. Habang pinag-iisipan natin ang dumaraming kasamaan ng mga tao, madalas tayong nagtataka kung paano pa ito natitiis ng Panginoon. Kamangha-mangha ang Kanyang pagtitimpi. Pero may dahilan ito. Hindi Niya nais ang kamatayan ng masama. Nananabik Siyang makitang tumalikod ang mga tao sa kanilang masasamang lakad at maligtas.

Mga Tala

1. I Thess. 4:13-18

2. I Thess. 3:13

3. II Peter 3:5 RSV

4. Heb. 11:3

5. Genesis 7:11

6. Col. 1:17 ("sa kanya ang lahat ng mga bagay ay nangabubuo").

7. Isa. 2:12; 13:6, 9; Ezek. 13:5; 30:3; Joel 1:15; 2:1, 11, 31; 3:14; Amos 5:18, 20; Obad. 15; Zeph. 1:7, 14; Zech. 14:1; Mal. 4:5

8. I Thess. 5:2; II Thess. 2:2

9. II Thess. 1:7-10

10. Acts 2:20

11. II Peter 3:12 NASB